



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA – 93 KARANIWANG PAGPUPULONG NG IKA – 11
SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG MAYO 20,
2024, IKA – 1:00 NG HAPON SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN

Mga Dumalo:

Acting Municipal Vice Mayor Robert S. Quiatchon	- Tagapangulo
Konsehal John John S. Yason	- Miyembro
Konsehal Lucille T. Bacay	- Miyembro
Konsehal Juan Rafael M. Talens	- Miyembro
Konsehal King Philip B. Dimapilis	- Miyembro
Konsehal Robert A. Baticos	- Miyembro
Konsehal Veil Charlleo B. Cusi	- Miyembro
Konsehal Marietta R. Pajila	- Miyembro
Konsehal Sheikinah Grace C. Sanz	- MSKF President

Hindi Nakadalo:

Konsehal Hermis S. Catapang	- Pangulo ng Liga ng mga Barangay
-----------------------------	-----------------------------------

KAPASYAHAN BLG. 518

Taong 2024

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG
PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG
YUMAONG NAGING KAWANI NG PAMAHALAANG BAYAN NG
ROXAS, ORIENTAL MINDORO, G. GERRY C. MEREZ

SAPAGKAT, si G. Gerry C. Merez ay naglingkod sa Pamahalaang Bayan ng Roxas, Oriental Mindoro mula Hunyo 1, 2007 hanggang Hunyo 30, 2016;

SAPAGKAT, bilang isang kawani, ginampanan niya ang kanyang tungkulin nang may pagmamalasakit at dedikasyon;

SAPAGKAT, sa panahong itinigil niya sa daigdig na ito, sinikap niyang makatulong sa kanyang kapwa, naging responsableng ama sa kanyang mga anak at mapagmahal na kabiyak, kapatid at kaibigan;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Oriental Mindoro sampu ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ay lubos na nakikiramay sa mga naulila ng dating kawani ng Pamahalaang Bayan, G. Gerry C. Merez.


DAHIL DITO, sa mungkahi ni Konsehal Juan Rafael M. Talens at sa nagkakaisang mungkahi ng lahat –

IPINASIYA, tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot sa pamilya ng pumanaw na naging kawani ng Pamahalaang Bayan, G. Gerry C. Merez, ang tauspusong pakikiramay ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng bayang ito.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa pamilya at mga kaanak ng yumaong G. Gerry C. Merez lakip ang tauspusong pakikiramay.

PINAGTIBAY: Mayo 20, 2024

PINATUTUNAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:


ROBERT S. QUIATCHON
Acting Municipal Vice Mayor

